TAMANG SAGOT (TS)

Gabay sa Tamang Pag-Unawa sa PhilHealth Circular

TITLE	**COVERAGE OF PERSONS WITH DISABILITY IN THE NATIONAL HEALTH INSURANCE PROGRAM**
PC NUMBER	**2026-0017**

COVERAGE OF PERSONS WITH DISABILITY IN THE NATIONAL HEALTH INSURANCE PROGRAM

1 Tungkol saan ang Circular na ito?

Itinatakda nito ang mga patakaran para sa mandatoryong PhilHealth coverage ng lahat ng Persons with Disability (PWDs) sa ilalim ng RA No. 11228 at RA No. 11223 (UHC Act). Saklaw nito ang pagpaparehistro, validation, pagbabayad ng premium, at mga benepisyo.

2 Sino ang saklaw ng Circular na ito?

Lahat ng Pilipinong PWD, kabilang ang mga kwalipikadong dependent.

3 Ano ang pinakamahalagang probisyon sa Circular na ito?

Ang mga PWD na nasa PWD Registry ay awtomatikong covered ng PhilHealth, at ang National Government ang magbabayad ng premium. Para sa mga empleyadong PWD, pantay na naghahati ang employer at National Government sa premium. Ibig sabihin, hindi na kailangang bayaran ng PWD ang bahagi ng premium na dapat bayaran ng empleyado.

4 Sino ang itinuturing na PWD?

Mga Pilipinong may pangmatagalang kapansanang pisikal, mental, intelektuwal, o pandama na maaaring makaapekto sa kanilang ganap at pantay na pakikilahok sa lipunan.

5 Ano ang PWD Registry?

Ito ang registry na ginagamit ng PhilHealth para ma-verify ang disability status ng isang indibidwal. Sa kasalukuyan, ginagamit ang Philippine Registry of Persons with Disability (PRPWD) ng Department of Health (DOH). Gagamitin naman ang UPWDIS kapag inanunsyo ng PhilHealth na ganap na itong operational. Ito ang pangunahing batayan sa pagpaparehistro, validation, at pag-tag sa mga PWD.

6 Ano ang PRPWD?

Ang PRPWD ay pambansang registry ng DOH para sa mga PWD. Ginagamit ito ng Local Government Units (LGUs) sa pagrerehistro ng mga PWD at pag-isyu ng PWD ID. Sa kalaunan, ang PRPWD ay ganap na isasama sa Unified Persons with Disability Information System (UPWDIS).

7 Ano ang UPWDIS?

Ang UPWDIS ay ang national digital ID system para sa mga PWD sa ilalim ng NCDA Administrative Order No. 001, s. 2026. Ito ay pinamamahalaan ng National Council on Disability Affairs (NCDA) at Department of Social Welfare and Development (DSWD), at kasama rito ang PRPWD.

8 Saan maaaring kumuha ng PWD ID?

Sa LGU sa pamamagitan ng Persons with Disability Affairs Office (PDAO).

9 Paano nirerehistro ang mga PWD sa PhilHealth?

Regular na mina-match ng PhilHealth ang membership database nito sa PWD Registry at awtomatikong tina-tag ang mga PWD na na-verify. Maaari ring magparehistro ang PWD sa pamamagitan ng walk-in o sa tulong ng employer.

10 Pinapayagan ba ang walk-in registration para sa mga PWD?

Oo. Magsumite ng kumpletong nasagutang PhilHealth Member Registration Form (PMRF) at kopya ng iyong PWD ID sa pinakamalapit na Local Health Insurance Office (LHIO).

11 Ano ang mangyayari pagkatapos magsumite ng mga kinakailangan sa LHIO?

Susuriin ng LHIO ang records laban sa PhilHealth database at PWD Registry. Kapag na-verify na, makatatanggap ang PWD ng Member Data Record (MDR) at PhilHealth Card. Kung wala pa ang pangalan ng PWD sa PWD Registry, ita-tag ang miyembro bilang “For Verification” (tingnan ang Question No. 17).

12 Ano ang requirements para sa mga empleyadong PWD?

Maaaring boluntaryong isumite ng employer sa pamamagitan ng PhilHealth Employers’ Engagement Representative (PEER), sa pakikipag-ugnayan sa kinauukulang PhilHealth Accounts Information Management Specialist (PAIMS), o sa pinakamalapit na LHIO, ang mga sumusunod:

- Kumpletong nasagutang PhilHealth Member Registration Form (PMRF);
- Kopya ng PWD ID ng empleyado; at
- Employer Certification on the Employment of Persons with Disability (Annex A).

Maaari rin namang personal na magparehistro ang isang employed PWD sa pinakamalapit na LHIO.

13 Ano ang PhilHealth UPWDIS/PRPWD Verification Report?

Ito ay PhilHealth report (Annex B) na nagpapatunay kung sinu-sinong empleyado ang verified PWDs. Inilalabas ito matapos suriin ang mga dokumento ng employer laban sa PWD Registry.

14 Ano ang mangyayari sa mga PWD na Direct Contributors na walang employer, gaya ng self-earning individuals, professional practitioners, at Overseas Filipino Workers (OFWs)?

Kapag na-verify na sa PWD Registry, muling ire-reclassify ang miyembro bilang Indirect Contributor – Persons with Disability, at ang National Government ang sasagot sa buong premium.

15 Ano ang mangyayari sa mga PWD na dati nang Indirect Contributors?

Mananatili ang PWD bilang Indirect Contributor, at idaragdag ang impormasyon tungkol sa kanyang kapansanan sa kanyang member record. Ang pangunahing kategorya ng miyembro ay itatakda sa oras na mailabas ang polisiya hinggil sa membership hierarchy.

16 Paano irerehistro ang isang PWD na wala pang 21 taong gulang?

Ang PWD na wala pang 21 taong gulang, walang asawa, walang trabaho, at walang anak ay irerehistro bilang principal member kapag na-verify na sa PWD Registry.

17 Paano kung wala pa sa PWD Registry ang isang PWD?

Ita-tag ang miyembro bilang "For Verification." Mananatili ang kasalukuyang membership category niya, magpapatuloy sa pagbabayad ng regular na premium, at maaari pa ring gamitin ang mga benepisyo ng PhilHealth. Magsisimula lamang ang PWD classification at premium subsidy kapag nakumpirma na ang PWD sa PWD Registry. Dapat makipag-ugnayan ang miyembro sa PDAO ng LGU.

18 Gaano katagal valid ang "For Verification" tag?

Valid lamang ito sa calendar year kung kailan ito ini-apply. Muling susuriin ang mga naka-tag na record sa pagtatapos ng taon. Kapag nakumpirma na, ire-reclassify ang miyembro bilang Indirect Contributor mula sa petsa kung kailan siya na-tag.

19 Kailan magsisimula ang premium subsidy?

- Mga empleyadong PWD – mula sa buwan kung kailan naisumite ng employer o ng PWD ang kumpletong requirements.
- Mga PWD na hindi empleyado – mula sa calendar year kung kailan nakumpirma ang PWD sa PWD Registry.

20 Ano ang PCU?

Ang PhilHealth Check Utility (PCU) ay isang online tool na ginagamit para i-verify ang pagkakakilanlan at kung buhay ang isang tao para sa registration, record updates, at YAKAP transactions. Maaari rin itong gamitin sa personal na device.

21 Bakit dapat magparehistro ang mga PWD sa PhilSys?

Nakadepende ang PCU sa PhilSys para sa verification. Kung walang PhilSys registration, maaaring hindi makumpleto ang PCU verification at kailangang magpakita ng valid proof of identity, na maaaring magdulot ng delay.

22 Maaari bang i-update online ang membership records?

Oo. Maaaring i-update ang membership records sa pamamagitan ng PhilHealth Member Portal o eGov PH Super App.

23 Covered ba ang mga PWD ng No Balance Billing (NBB) at No Co-Payment?

Oo. Entitled ang mga PWD sa NBB o No Co-Payment policy, alinsunod sa umiiral na mga patakaran ng PhilHealth.

24 Paano ina-apply ang mandatory discounts sa hospital bill ng isang PWD?

Una, ibinabawas ng ospital ang 12% VAT. Pagkatapos, ibinabawas ang 20% PWD discount bago ilapat ang PhilHealth benefits. Maaari lamang i-file ang claim pagkatapos maisagawa ang mga deduction na ito.

25 Paano makaka-avail ang isang PWD ng mga benepisyo ng YAKAP Program?

Pumili ng accredited YAKAP Clinic at kumpletuhin ang First Patient Encounter (FPE). Maaari itong gawin sa pamamagitan ng PhilHealth Member Portal, eGov PH Super App, o sa pinakamalapit na LHIO.

26 Paano ipinaaalam sa mga PWD ang tungkol sa Circular na ito?

Ipinaaalam ito sa pamamagitan ng PhilHealth advisories, digital platforms, member notifications, at mga community campaign tulad ng YAKAP Caravan. Dapat tiyaking updated ang contact details ng mga miyembro.

27 Ano ang mangyayari kapag ganap nang operational ang UPWDIS?

Maglalabas ang PhilHealth ng public advisory. Simula roon, ang mga PWD lamang na nakumpirma sa UPWDIS ang ika-classify sa ilalim ng PWD membership categories.

28 Ano ang mangyayari kung gumamit ang isang PWD ng pekeng ID o nagbigay ng maling impormasyon?

Mahigpit itong ipinagbabawal. Itatama ang record, babawiin ang anumang benepisyo o subsidy na maling natanggap, at maaaring maharap ang lalabag sa administrative, civil, o criminal liability. Kakanselahin ang registration ng miyembrong mapatunayang hindi PWD.

29 Kailan magiging epektibo ang Circular na ito?

Ito ay agad na magiging epektibo matapos mailathala sa Official Gazette o sa isang pahayagang may pangkalahatang sirkulasyon.

CONTACT INFORMATION

PhilHealth Corporate Action Center: 02 8662 2588 | Smart: 0998 857 2957, 0968 865 4670 Globe: 0917 127 5987, 0917 110 9812| PhilHealth Website: www.philhealth.gov.ph

This FAQ is based on PhilHealth Circular No. 2026-0017 Coverage of Persons with Disability in the National Health Insurance Program. For the latest updates, please visit the PhilHealth website or coordinate with the nearest PhilHealth Regional Office or Local Health Insurance.